7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kwarter 2

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 2: Aralin 3 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Michelle Torreros (Leyte Normal University)
- Wayne Paul V. Basco (Tinajeros National High School)

**Tagasuri:**

- Voltaire M. Villanueva. (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>1. Nailalahad ang mga iba't ibang pagtugon sa kaayusang kolonyal sa tatlong bansang pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br>2. Nasusuri ang iba't ibang pagtugon sa kaayusang kolonyal (pag-alsa, pag-angkin at pag-angkop) sa tatlong bansang pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br>3. Naipapakita ang iba't ibang epekto at impluwensya ng kolonyalismo at imperyalismo Kanluranin sa kasalukuyan.<br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>• Natutukoy ang mga pagtugon sa mga patakarang kolonyal ng tatlong bansa (Cambodia, Myanmar at Vietnam) sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya.<br>• Natataya ang naging pagtugon ng mga mamamayan sa tatlong bansa (Cambodia, Myanmar at Vietnam) sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya.<br>• Naiuugnay ang epekto ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa pamumuhay ng mga mamamayan sa tatlong bansa sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya (Cambodia, Myanmar at Vietnam).<br>• Nabibigyang-pansin ang mga impluwensiya ng kolonyalismo at imperyalismo bilang bahagi ng kasaysayan ng tatlong bansa (Cambodia, Myanmar at Vietnam) sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya.<br>• Naihahambing ang tugon ng mga Pilipino sa naging tugon ng mga mamamayan sa tatlong bansa (Cambodia, Myanmar at Vietnam) sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya. |
| **D. Nilalaman** | Kolonyalismo at Imperyalismo |

| | |
|---|---|
| | • Paghahambing ng iba't ibang pagtugon sa kaayusang kolonyal (pag-alsa, pag-angkin at pag-angkop) sa tatlong bansa ng pangkontinenteng Timog Silangang Asya |
| **E. Integrasyon** | • Kulturang Popular (Pagkain, Musika, Entertainment, Fashion, Fads, at Crazes)<br>• Current Events o Kasalukuyang Pangyayari na may Kaugnayan sa Imperyalismo at Kolonyalismo (Aspektong politikal at ekonomiko)<br>• Sustainable Development Goals (SDG 8 – Decent Work and Economic Growth, SDG 10 – Reduce inequalities, SDG 16 – Peace, Justice and Strong Institutions, SDG 17 – Partnerships for the Goals)<br>• Edukasyong Pangkapayapaan<br>• Multikulturalismo |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


- Agoncillo, T. (1990). *History of the Filipino People 8th Edition*. C.&E. Publishing Inc.
- *Contextualization and localization* (2015). Nakuha sa http://depedtambayanph.blogspot.com/2017/03/depeds-k-12-contextualization- and.html.
- *Curriculum and Learning Managament System of the Department of Education* (2015). Nakuha mula sa http://depedcalabarzon.ph/wp- content/uploads/2015/05/Regional-Memorandum-No.8-s.2015.pdf
- *DepEd mission* (w.p.). Nakuha mula sa http://www.deped.gov.ph/about-deped/vision-mission-core-values-and-mandate/.
- *Enhanced Basic Education Act of 2013*. Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/
- *Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan*. 2016, Mayo. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp- content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf
- Zaide, G. & Zaide S. (2014). *Kasaysayan ng Bansang Asyano Ika-8 Edisyon*. All Nations Publishing Co., Inc.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain 1**<br>Panuto: Balikan ang imperialism profile. Ipaliwanag ang ginawang pananakop ng France at England sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya.<br><br>**FRANCE**<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________.<br><br>**ENGLAND**<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________. | Ang gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring magamit upang balikan ang aralin sa nakalipas na lingo. |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Gawain 2:<br>Isang paglalakbay sa kaharian ng kasaysayan sa pamamagitan ng panonood ng bidyo tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Timog-Silangang Asya. Ang klase ay papangkatin sa tatlo, pagkatapos panoorin ang bidyo ay sasagutan ang katanungan na itinalaga bawat grupo. Tandaan ito ay nakapaloob sa tatlong bansa (Vietnam, Myanmar at Cambodia).<br>KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG-SILANGANG ASYA:<br>Ipanood ang link na ito: Imperyalismo at Kolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya. https://www.youtube.com/watch?v=kk6gR7BgIxw<br><br>PANGKAT 1<br>Epekto ng Kolonyalismo sa Kultura<br>1. Paano nakaimpluwensiya ang kolonyalismo sa mga kultura, wika, at relihiyon ng mga Timog-Silangang Asyano?<br>2. Ano ang mga epekto sa kanilang pagkakakilanlan?<br><br>PANGKAT 2<br>Ang Konsepto ng Respeto sa Soberanya<br>1. Paano naapektuhan ang soberanya ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya dahil sa kolonyalismo?<br>2. Ano ang kahalagahan ng respeto sa soberanya sa kasalukuyang panahon?<br><br>PANGKAT 3<br>Pang-ekonomiyang Epekto ng Kolonyalismo<br>1. Paano naapektuhan ang ekonomiya ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya dahil sa kolonyalismo?<br>2. Ano ang mga implikasyon nito sa kasalukuyang kalagayan ng ekonomiya sa rehiyon?</td>
<td>Batay sa napanood na bidyo tungkol sa kolonyalismo at imperyalismo sa Timog Silangang Asya, gawing gabay ang nakapaloob na mga konsepto sa kahon, para sa bawat grupo. Maghanda para sa presentasyon sa harap ng klase.<br><br>Dapat na magkaroon ng ideya ang mga mag-aral na ang mga bansa sa Timog Silangang Asya ay nagpakita ng kanilang tugon sa mga naging mula sa mga epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa rehiyon.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain 3: Tukuyin**<br>Panuto: Bigyang-kahulugan ang mga salitang nasa kahon.<br><br>PATAKARANG KOLONYAL<br>PAG-ANGKIN<br>PAG-AALSA<br>PAG-AANGKOP<br>SOBERANYA<br>KULTURA AT KOLONYALISMO<br>EKONOMIYA AT KOLONYALISMO<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang masasabi mo tungkol sa mga salitang binigyang-kahulugan?<br>2. Bakit mahalagang matutuhan ang 3Ps kaugnay sa patakarang kolonyal?<br>3. Ibigay ang pagkakaiba-iba ng kahulugan ng pang-angkin, pag-aalsa at pag-aangkop. | Balikan ang bahagi na ito dahil ang aralin ay pagpapatuloy sa nakalipas na linggo.<br><br>Dapat na malinaw na sa mga mag-aaral na sa nakaraang aralin ay natalakay ang ginawang pag-aangkin ng mga mananakop sa teritoryo at likas na yaman sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya na nagresulta sa iba't-ibang aksiyon ng mga mamamayan na tatalakayin sa linggong ito. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Pamamaraan at Patakarang Kolonyal sa mga Bansang Cambodia, Myanmar, at Vietnam**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 4: Dula-dulaan**<br><br>Balikan ang tektong binasa noong nakaraang lingo. Maaari ding magdagdag ng tektstong babasahin o magsagawa ng panibagong pagsasaliksik upang matukoy ang naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa tatlong bansa sa pangkontinentent Timog Silangang Asya (Vietnam, Cambondia at Myanmar). | Maghanda ng tektsong babasahin na karugtong ng nakaraang aralin.<br><br>Ang layunin ng aktibidad na ito ay hikayatin ang mga mag-aaral na masusing suriin ang konsepto ng patakarang kolonyal sa pamamagitan ng 3P's: Pag-angkin, Pag- aalsa, at Pag-angkop. Sa pamamagitan ng pagsasanay na ito, maunawaan ng mga mag-aaral |

| | | |
|---|---|---|
| | PAG-AANGKIN:<br><br>Itakda ang sitwasyon kung saan ang mga mag-aaral ay magiging representante ng isang dayuhang puwersa na nais mag-angkin ng isang teritoryo.<br><br>Ano ang iyong damdamin habang nag-aangkin ka ng teritoryo? Paano mo ito ipinakikita sa iyong mga aksiyon at pahayag?<br><br>PAG-AALSA:<br><br>Ipakilala ang karanasan ng mga nag-alsa laban sa dayuhang puwersa. Maaaring pagbatayan ang tatlong bansa, Cambodia, Vietnam, at Myanmar.<br><br>Paano mo ginagampanan ang papel ng isa na nag-aalsa laban sa dayuhang puwersa? Ano ang iyong mga dahilan at layunin sa pagsusulong ng pagsalungat?<br><br>PAG-AANGKOP:<br><br>Paano iaangkop ang kalagayang panlipunan pagkatapos ng pang-aangkin at pag-aalsa ang bawat tao sa isang bansa? Paano sila magtatagumpay o maaaring mabigo sa pagtuklas ng mga solusyon sa mga problemang kaakibat ng kolonyalismo?<br><br>Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga alternatibong solusyon at hakbang na maaaring itakda upang makamit ang pag-angkop. | ang malalim na epekto ng kolonyalismo sa iba't ibang aspekto ng lipunan.<br><br>**Dula-dulaan:** Hahatiin sa tatlong grupo ang buong klase.Bawat grupo ay kakatawan sa sumusunod:<br><br>• Pag-aangkin<br>• Pag-aalsa<br>• Pag-aangkop<br><br>Maghanda ng oras upang makapag ensayo ang mga mag-aaral sa loob ng paaralan. maaaring ituloy ang presentasyon at pagpapalalim kinabukasan. |

**Ikatlong Araw**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Isalaysay ang mga pangunahing aspekto ng kanilang karanasan. Ang mga mag-aaral ay maaaring magbahagi ng impormasyon tungkol sa kultura, pamamaraan at patakarang kolonyal ng bansa. Maaaring ito ay isang *oral presentation* o isang *visual presentation* tulad ng *poster, infographics.*

Pamantayan sa pagmamarka

***Rubriks:***

| | |
|---|---|
| Nilalaman | **- 30%** |
| Pagsasalaysay | **- 20%** |
| Pagsasalin sa *Audience* | **- 10%** |
| Ortograpiya at Wika | **- 10%** |
| Oral Presentation | **- 30%** |
| **Kabouan** | **- 100%** |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 6: TUNAY NGA BA TAYONG MALAYA? (INTERVIEW PODCAST)**

Humanap ng 3 tao na eksperto sa Araling Panlipunan at itanong ang katanungang “tunay nga ba tayong malaya?” irekord ang panayam o *interview* at isulat ang mga datos na nakuha mula sa panayam. at Maghanda ng presentasyon sa klase.

Ang konsepto ng "tunay na kalayaan" ay maaaring mag-iba depende sa konteksto at perspektiba ng bawat tao, kultura, o lipunan. Ito din ay kaugnay sa talakayan nasyonalismo na naipapamalas ng mamamayan sa bawat bansa. Pagkatapos marinig at mabasa ang mga datos ng panayam ay isulat ang iyong sariling perspektibo o sagot sa tanong na ito: “Tunay nga ba tayong Malaya?”.

Maaari itong gawing takdang aralin at ilahad ang interbyu sa klase kinabukasan.


Maaari din itong pangkatan o indibidwal na gawain.

| | | |
|---|---|---|
| | Bumuo ng pagkonklusyon matapos makapag interbyu.<br><br>Interbyu 1 \| Interbyu 2 \| Interbyu 3 \| Konklusyon: | |
| | **Gawain 6: Imperialism Profile** | Sa bahaging ito, sagutin na lamang ang reaksiyon ng mga mamamayan at paano nakaapekto na kolum upang mabuo ang imperialism profile.<br><br>Hindi natin maaaring sabihin na nagkaroon ng maling tugon ang mga tao sa panahon ng pananakop sapagkat sa panahon na iyon ay ito ang nakita nil ana paraan upang mawakasan ang kolonyalismo at imperyalismo sa kanilang mga bansa. |
| | Pamprosesong Tanong:<br>1. Angkop ba ang naging reaksiyon at aksiyon ng bawat bansa mula sa kanilang karanasan sa kamay ng mga imperyalistang bansa? Ipaliwanag.<br>2. Anu-anong mga pagbabago ang naranasan ng mga bansa sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya (Cambodia, Myanmar at Vietnam)? Nakatulong ba ang mag ito upang umunlad ang kanilang bansa? | Nagdulot ng maraming pagbabago ang mga patakarang ipinatupad sa mga bansa sa Timog Silangang Asya na sa kasalukuyan ay bumago sa paraan ng pamumuhay ng mga Asyano. |

| Interbyu 1 | Interbyu 2 | Interbyu 3 | Konklusyon: |
|---|---|---|---|
| | | | |

**BANSA:**

| Kalagayan bago dumating ang mananakop: | BANSANG NANAKOP: | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Paano sinakop? | Ano ang mga patakarang ipinatupad? | Ano ang naging reaksiyon ng mga mamamayan? | Paano nakaapekto ang pananakop sa Politika, Ekonomiya,Kulura, Tradisyon at Paniniwala? |
| | | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Paano nakaapekto sa kasalukuyan ang naging karanasan ng pangkontinenteng Timog Silangang Asya sa kanilang pamumuhay sa kasalukuyan? | |
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br><br>1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**GAWAIN 7**<br>Panuto: Punan ang Chart ng impormasyon at sagutin ang pamprosesong tanong.<br><br><br> | Naging magkaiba ang tugon ng Pilipino dahil magkaiba ang naging epekto sa Pilipinas ng kolonyalismo sa naging epekto sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya. Dagdag pa rito ay magkaiba ang mag dayuhan na sumakop sa Pilipinas kumpara sa mga bansa sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Pamprosesong Tanong:<br>
1 Anong ang iyong mahihinuha mula sa tugon ng mga Pilipino sa kolonyalismo at naging tugon ng mga mamamayan sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya?<br>
2. Bakit magkatulad o magkaiba ang naging tugon ng mga Pilipino sa naging tugon ng mga mamamayan sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya?<br>
3. Paano nakaapekto sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon ang kolonyalismo at imperyalismo?<br>
<br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
Gawain 8: Mag-aral is Fun sa Araling Panlipunan!<br>
Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang “pag-thumbs up” at “thumbs down” ng iyong kamay.<br>
 Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br>
 Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br>
<table><tr><td></td><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td></tr></table>
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | ***PANAYAM/ TALK SHOW***<br><br>Mag-organisa ng isang panayam o talk show kung saan ang mga mag-aaral ay magiging mga ekspyerto sa talakayang kolonyalismo galing sa iba’t ibang unibersidad sa mundo. Maaari silang mag-portray ng mga kolonyal na opisyal, mga mamamayan, o mga lider na naapektuhan ng kolonyalismo. Ito ay | Ang bahaging ito ay magsisilbing pagtataya sa naging pag-unawa ng mga mag- aaral sa natapos na paksa. Maaaring gamitin o pumili ang guro sa mga gawaing ito. |

magpapahintulot sa kanila na maunawaan ang mga damdamin at perspektibo ng mga taong naapektohan ng kolonyalismo partikcular sa Timog Silangang Asya.

Bibigyan ang oras na maghanda para sa gawain.
Maaaring magtakda ang guro ng mga gaganapin ng mag-aaral para sa *talk show.*

Pamantayan sa pagmamarka

| **Kategorya** | **Pagganap ng Panayam** | **Kasangkapan at Kostyum** | **Pag-unawa sa karakter** | **Pagsusuri** | **Pagsasalin ng Konsepto** |
|---|---|---|---|---|---|
| Napakahusay (4-5) | Napakahusay na pagganap. Ang karakter ay nailarawan nang maayos at may kakaibang katangian. | Mahusay ang pagkakagamit ng kasangkapan at kostyum, na tumutulong sa pagpapakilala ng karakter. | Lubos na pag-unawa sa karakter at nagpapakita ito sa buong *performance.* | Mahusay na pagsusuri sa mga aspeto ng karakter at sitwasyon. | Maganda ang pagsasalin ng konsepto mula sa dula-dulaan sa pangkalahatang kaalaman. |
| Magaling (3-4) | Magaling na pagganap ngunit may mga simpleng pagkukulang o hindi gaanong mahusay na pagpapakita ng karakter. | Maganda ang kasangkapan at kostyum, ngunit may mga simpleng pagkukulang | Magaling ang pag-unawa sa karakter, ngunit may mga bahagyang pagkukulang sa pagganap. | Magaling na pagsusuri, ngunit may mga simpleng pagkukulang. | Magaling ang pagsasalin ng konsepto, ngunit may mga bahagyang pagkukulang. |
| Sapat (2-3) | Sapat na pagganap, ngunit may mga malalalim na pagkukulang sa pagpapakita ng karakter. | Sapat ang kasangkapan at kostyum, ngunit may mga malalalim na pagkukulang. | Sapat na pag-unawa sa karakter, ngunit may mga malalalim na pagkukulang sa pagganap. | Sapat na pagsusuri, ngunit may mga malalalim na pagkukulang. | Sapat ang pagsasalin ng konsepto, ngunit may mga malalalim na pagkukulang. |
| Hindi Sapat (1-2) | Hindi sapat ang pagganap, at may malalalim na pagkukulang sa pagpapakita ng karakter. | Hindi sapat ang kasangkapan at kostyum, at may malalalim na pagkukulang. | Hindi sapat ang pag-unawa sa karakter, at may malalalim na pagkukulang sa pagganap. | Hindi sapat ang pagsusuri, at may malalalim na pagkukulang. | Hindi sapat ang pagsasalin ng konsepto mula sa role play activity. |

1. **Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)**

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | |